Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Pasimula ng Kalungkotan ng Tao

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay ni: M. Maillot at Tammy S.

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.


Linikha ng DIYOS ANG LAHAT!
Nang ginawa ng Diyos ang pinakaunang tao, si Adan, nanirahan siya sa Halaman-anan ng Eden na kasama ang kanyang asawa na si Eva. Masaya silang dalawa, masunorin sa utos o batas ng Diyos, at masagana sila sa presencia ng Diyos hanggang isang araw may nangyari....


"Hindi ba sinabi ng Diyos na huwag kayong kumain sa bunga ng bawat kahoy?" Tinanong si Eva ng ahas. "Maari kaming kumain sa mga bunga ng lahat ng kahoy maliban sa isa," ang sagot ni Eva. Kung kami ay kumain o hipoin ang bunga ng kahoy na iyan, kami ay mamamatay." "Hindi kayo mamamatay,"ang linlang ng ahas.

"Maging gaya ng Diyos kayo."
Gustong gusto ni Eva ang bunga ng kahoy na iyon
Pinakinggan niya ang ahas o serpente at kinain ang bunga.

Pagkatapos na sinuway ni Eva ang Panginoon, pinakain din niya si Adan ng bunga. Sana sinabi ni Adan, "Huwag! Ayaw kung suwayin ang sinabi ng Diyos."

Nang sina Eva at Adan ay nagkasal, alam na nila na sila ay hubad. Tinahi nila na sugpong sugpong ang mga dahon ng igos upang isuot na bilang mga apron matakpan man lamang ang kanilang katawan, at nagsipagtago sila sa salumpung ng halaman iniwasan ang presencia ng Diyos.

Sa malamiglamig ng gabi dumating ang Diyos sa halamanan. Alam Niya kung ano ang ginawa nila Eva at Adan. Sinisi ni Adan si Eva. Sinisi ni Eva ang ahas. Sinabi ng Panginoon, "Ang ahas ay sinumpa. Ang babae ay magkaroon ng masakit na masakit na damdamin kung siya'y manganak ng mga sanggol."

"Adan dahil sa ikaw ay nagkasala, ang lupa ay sinumpa na mula ngayon ay maraming mga tinik at madamo. Kayo ay magkamot at magsingot upang mayroon kayong kakainin bawa't araw."


Pinalabas ng Diyos sina Eva at Adan sa katakatakang halamanan or hardin. Dahil sa sila'y nagkasala nga, sila ay hiwalay na sa Diyos na nagbibigay sa kanila ng buhay!


Gumawa ang Diyos ng sulo na dumidinggas upang hindi sila ni Eva at Adan makapasuk. Ginawaan sila ng Diyos ng damit na galing sa balat ng hayop para kay Adan at Eva. Saan kaya kinuha ng Diyos ang mga balat ng hayop na mga iyon?

Hindi nagtagal, may anak na sila Adan at Eva. Ang unang sanggol, si Kain, ay nagging magsasaka. Ang pangalawang anak, si Abel, ay tagapagalaga ng mga tupa.

Isang araw, nagdala si Kain ng mga gulay bilang regalo niya sa Diyos. Si Abel ay nagdala ng pinakalusog na tupa bilang kanyang regalo sa Diyos. Nasiyahan ang Panginoon sa regalo ni Abel.

Hindi nasiyahan ang Panginoon sa regalo ni Kain. Nagalit si Kain. Ngunit sinabi ng Diyos, "Kung gagawin mo ay tama, at mabuti, hindi ba kayo tatanggapin?"

Ang galit ni Kain ay hindi naalis. Isang besis, habang sila ni Abel ay nasa bukid, inatake ni Kain si Abel na kanyang kapatid at pinatay!



Kinausap ng Diyos si Kain. "Saan ang iyong kapatid, si Abel?" "Hindi ko po alam," ang sagot ni Kain na sinungaling. "Ako ba ay tagapagalaga sa kanya?" Pinarusahan ng Panginoon si Kain , pinaalis siya sa bukid at hindi na pina-tanim at ginawa siyang bali walang kabulohan at gumala.

Umalis si Kain sa presencia ng Diyos. Siya ay nagasawa ng anak na babae nila Adan at Eva. Nagkaroon sila ng mga anak.

Hindi nagtagal si Kain ay may mga apo at mga apo ng mga apo at maraming mga taohan sa lungsod na kanyang tinirahan.



Sa mantalang, ang mga anak ni Adan at Eva ay sandaling lumaki. Noon mga panahong iyon, ang mga tao ay may mahabang buhay kay sa ngayon.

Nang ipinanganak si Seth, sinabi ni Eva, "Ibinigay ng Diyos sa akin upang siya kapalit ni Abel." Mahal ni Seth ang Diyos at binigyan siya ng mahabang buhay, 912 (siyam na daan taon at labingdalawa) at marami siyang mga anak.


Ang mundo, ang mga tao ay naging lalong makasalanan habang ang isang salingangkan ay lumipas. Sa wakas, ang Diyos ay nagpasiya na Kanyang sirain ang sangkatauhan. . .

. . . lahat ng mga hayopan at mga ibon. Kinalulungkot ng Diyos na linikha Niya ang tao. Ngunit isang lalaki ay nakasiya sa Panginoon. . .

Itong lalaking ito ay si Noe. Siya ay galing sa kaanakan ni Seth, at si Noe ay mabait, matama, magaling at walang kasalanan.

Tinuroan ni Noe ang kanyang tatlong anak na lalaki ng ukol sa pagsunod sa Panginoon. Ngayon may balak na ang Diyos na gamitin Niya si Noe sa pambihirang paraan.

Ang Pasimula ng Kalungkotan ng Tao

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Genesis 3-6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16